

Polisiya sa Tulong Pinansiyal at Billing & Koleksiyon

PAUNAWA

PDF DISCLAIMER LIGAL NA PABATID: Ang PDF na ito ay hiniling noong 6/9/2021 at ilalagay sa aplikasyon ng Lucidoc hanggang hatinggabi ng hiniling na araw. Ang mga PDF ay hindi dapat gamitin bilang opisyal na dokumentasyon. Ang mga nilalaman ng mga opisyal na dokumento ay maaaring magbago nang walang abiso. Walang representasyon o garantiya ang Lucidoc patungkol sa pagkakumpleto, kawastuhan, “pagiging bago”, o kasapatan ng impormasyon o mga materyal na nilalaman dito. Mangyaring magpunta sa Lucidoc para sa pinakabagong impormasyon.

KUMPIDENSYAL NA LEGAL NA PABATID: Ang PDF na ito ay maaaring maglaman ng kumpidensiyal na impormasyon at inilaan lamang para sa pinatutungkulan. Maaari ding may pribilehiyong ligal ang impormasyon. Ang transmisyong ito ay ipinadala na nakasalig sa pagtitiwala, para sa iisang layunin ng paghahatid sa itinalagang tatanggap. Kung di-sadyang natanggap mo ang transmisyong ito, mahigpit na ipinagbabawal ang anumang paggamit, pagkopya, o pagpapalaganap ng transmisyong ito. Kung hindi ikaw ang itinalagang tatanggap, mangyaring ipagbigay-alam kaagad sa nagpadala at permanenteng tanggalin ang file na ito.

Mga Pag-apruba

- Lagda: Meredith S Jobe, Pangkalahatang Abogado nilagdaan noong 6/6/2021, 10:08:02 PM
-

Pananaw sa Rebisyon

Dokument ID:	11927
Numero ng Rebisyon:	7
May-ari:	Kevin Longo, Punong Opisyal ng Pagtupad
Opisyal na Petsa ng Rebisyon:	6/6/2021

Tala ng Rebisyon:

Pagbabago sa petsa ng pagkabisa ng mga rate ng AHPN AGB. Ipinahayag ni Cheryl Stalis sa pamamagitan ng email na ang pagbabagong ito ay menor lamang at hindi na kailangang dumaan muli sa pag-apruba ng gabinete/lupon. Magpapadala si Joan Dillon kay Meredith Jobe para sa isahang lagda ng pag-apruba.

Istandard na Polisiya: Polisiya sa Tulong Pinansiyal at Billing & Koleksiyon

BUOD/LAYUNIN NG POLISIYA

Ang mga pasilidad ng Adventist Health ay binubuo ng pangkat ng mga dedikadong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan - mga manggagamot, nars, tekniko, namamahala, trustee, boluntaryo, at marami pang ibang mga manggagawang pangkalusugan. Sama-sama, nagsisilbi ang mga indibidwal na ito para protektahan ang kalusugan ng kanilang mga komunidad. Ang kanilang kakayahang maglingkod ay nangangailangan ng isang espesyal na ugnayan na itinayo sa pagtitiwala at kahabagan. Sa pamamagitan ng pagtitiwala sa isa't isa at mabuting kalooban, maisasagawa ng Adventist Health at mga pasyente ang kanilang mga responsibilidad. Idinisenyo ang polisiyang ito upang palakasin ang ugnayan na iyon at tiyaking makakatanggap ang mga pasyente ng mga serbisyo anuman ang kanilang kakayahang magbayad.

Inilalarawan ng polisiyang ito ang polisiya ng Adventist Health sa Tulong Pinansiyal (Kawanggawang Pangangalaga). Walang diskriminasyon sa Adventist Health, at patas ito sa pagrebyu at pagsusuri ng Kawanggawang Pangangalaga, Emerhensiyang Pangangalagang Medikal, at iba pang Kinakailangang Pangangalagang Medikal para sa mga miyembro ng komunidad na maaaring nangangailangan ng tulong pinansiyal. Nagbibigay ang Adventist Health ng tulong pinansiyal sa mga pasyente at pamilya kapag hindi nil mabayaran ang kabuuan o bahagi ng medikal na bayarin. Inilalarawan ng polisiyang ito kung paano suriin ng Adventist Health ang mga rekusong pinansiyal ng pasyente upang matukoy kung maibibigay ang tulong sa pinansiyal. Layunin ng polisiyang ito na tumupad sa naaangkop na mga batas at regulasyon ng pederal, estado at lokal.

MGA DEPINISYON

1. **Allowable Medical Expenses** - Lahat ng mga gastusing medikal ng mga miyembro ng pamilya na maaaring ibawas para sa mga layunin ng pederal na buwis sa kita, kahit na mas malaki ang mga gastusin sa deduksiyon sa gastusing medikal na pinahihintukutan ng IRS. Maaaring maisama ang mga bayad at di-bayad na bayarin
2. **Amount Generally Billed (AGB)** - Ang mga halagang pangkalahatang sinisingil para sa emerhensiya o iba pang kinakailangang pangangalagang medikal sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa naturang pangangalaga. Karaniwan itong inilalarawan bilang isang porsiyento ng mga Gross Charge. Ina-update taon-taon ang mga porsiyento ng AGB para sa bawat pasilidad ng ospital.
3. **Panahon ng Aplikasyon** - Ang panahon kung saan dapat tanggapin at iproseso ng Adventist Health ang isang aplikasyon sa tulong pinansiyal sa ilalim ng Polisiya sa Tulong Pinansiyal nito na isinumite ng isang indibidwal upang makagawa ng makatuwirang pagsisikap upang matukoy kung karapat-dapat sa tulong pinansiyal ang indibidwal sa ilalim ng polisiya. Nagsisimula ang Panahon ng Aplikasyon sa petsa ng pagkakaloob ng pangangalaga at magtatapos ng ika-240 araw pagkatapos ng petsa ng unang paglabas ng billing statement para sa pangangalaga o hindi bababa sa 30 araw pagkatapos bigyan ng Adventist Health ang indibidwal ng isang nakasulat na pabatid na nagtatakda ng deadline na nagsasaad na maaari nang simulan ang ECAs, alinman ang mahuli.
4. **Billed Charges** - Mga singil sa mga serbisyo ng Adventist Health na inilathala sa Charge Description Master (CDM) at makikita sa website na www.adventisthealth.org sa ilalim ng page ng Patient Resources, Healthcare Costs, at Charges.
5. **Charge Description Master** - Listahan ng mga serbisyo at test, kasama ang kanilang mga indibidwal na presyo at code, na ginamit sa pagsingil para sa mga serbisyo.
6. **Kawanggawang Pangangalaga** - Libre o may Diskuwentong Pangangalaga na ibinigay kapag hindi inaasahang hindi makapagbabayad ang pasyente o inaasahang magbabayad lamang ng isang maliit na halaga ng Billed Charges. Nakabatay sa pangangailangang pinansiyal ang Kawanggawang Pangangalaga
7. **May Diskuwentong Pangangalaga** - Pagbawas ng presyo ng mga serbisyo, test, o procedure, na ibinibigay para sa cash, prompt, o paunang pagbabayad, o sa ilang kategorya ng mga pasyente, hal., pasyenteng sariling-bayad o walang insurance. Karaniwang inilalarawan ang diskuwento bilang porsiyento ng Gross Charges.
8. **Extraordinary Collection Action (ECA)** - Ang mga ECA ay mga aksiyong legal o panghukuman na ginagawa upang makatangap ng bayad mula sa pasyente para sa pangangalaga na sakop ng Polisiya sa Tulong sa Pinansiyal ng pasilidad ng ospital. Isa ring ECA ang pagbebenta ng utang ng pasyente sa ibang kompanya para sa koleksiyon nang walang sapat na mga nakatakandang proteksiyon. Iba pang mga halimbawa ang pagdodoktor ng sahod ng pasyente at pag-uulat ng di-kaaya-ayang kredito.
9. **Emerhensiyang Pangangalagang Medikal** - Tumutukoy sa mga Emerhensiyang Serbisyo at Pangangalaga, tulad ng tinukoy sa patakaran sa Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA) # AD-06-019-S ng Adventist Health.
10. **Essential Living Expenses (ELE)** - Ang mga sumusunod na gastusin ay itinuturing na Essential Living Expenses: upa, pagbabayad at pagmamantena ng bahay, pagkain, gamit sa bahay, paglalaba at paglilinis, mga utility, telepono, damit, bayad sa medikal at dental, seguro, paaralan o pag-aalaga ng anak, suporta sa bata o asawa, gastos sa transportasyon at sasakyan - kasama na ang seguro, gas, pagpapaayos, at mga hulugugang bayad.

11. **Mga Miyembro ng Pamilya -**
 - a. Kabilang sa mga Miyembro ng Pamilya, ng mga **18 taong gulang pataas**, ang asawa, domestikong kapareha, na tinutukoy ng estado kung saan lisensiyado ang pasilidad, at mga nakadependeng anak na wala pang 26 taong gulang, nakatira man sa bahay o hindi.
 - b. Kabilang sa mga Miyembro ng Pamilya ng **mga wala pang 18 taong gulang** ang mga magulang, kamag-anak na tagapag-alaga, at iba pang mga anak na wala pang 26 taong gulang ng magulang o kamag-anak tagapag-alaga na, nakatira man sa bahay o hindi.
12. **FAP** - Ang Polisiya sa Tulong Pinansiyal ng Adventist Health.
13. **Federal Income Tax Return** - Ang (mga) form ng Internal Revenue Service (IRS) na ginamit upang iulat ang kitang nabuwisan. Ang form na IRS ay dapat na isang kopya ng nalagdaan at may petsang mga form na ipinadala sa IRS.
14. **Tulong sa Pinansiyal** - Nagdidiskuwento ang Adventist Health sa Billed Charges para sa mga Di-insured o Underinsured na Pasyente, kung kalipikado sila para sa tulong.
15. **Mataas na Mga Gasusing Medikal** - Tinutukoy bilang alinman sa mga sumusunod
 - a. Taunang Out-of-Pocket na gastusin, na sinisingil ng pasilidad ng pangangalaga ng kalusugan sa isang indibidwal, na mahigit sampung porsiyento (10%) ng kita ng pamilya ng pasyente sa huling 12 buwan; O,
 - b. Taunang Out-of-Pocket na gastusin na mahigit sampung porsiyento (10%) ng kita ng pamilya ng pasyente, kung magbibigay ang pasyente ng dokumentasyon ng kaniyang gastusing medikal na binayaran niya, o ng kaniyang pamilya, sa huling 12 buwan.
17. **Kita ng Sambahayan** - Kita ng lahat ng mga Miyembro ng Pamilya na nakatira sa iisang bubong kasama ng pasyente, o sa adres ng tirahang ginagamit ng pasyente sa mga tax return, o sa iba pang mga dokumento ng gobyerno.
18. **Limited English Proficiency (LEP) na grupo** - Grupo ng mga taong hindi Ingles ang unang wika. Ang laki ng grupo ay mas maliit sa alinman sa 1,000 indibidwal, o limang porsiyento (5%) ng pamayanang pinaglingkuran ng pasilidad, o ang mga hindi nagsasalita ng Ingles na populasyon na maaaring maapektuhan o makaugnayan ng pasilidad. Ang pasilidad ay maaaring gumamit ng anumang makatuwirang pamamaraan upang matukoy ang bilang o porsiyento ng mga pasyente ng LEP na maaaring maapektuhan o makaugnayan ng pasilidad.
19. **Medikal na Kinakailangan** - Ang serbisyo ay “medikal na kinakailangan” o “pangangailangang medikal” kung makatuwiran at kailangan ito upang maprotektahan ang buhay, maiwasan ang malalang karamdaman o kapansanan, o maibsan ang matinding pananakit. Tingnan ang California Welfare & Institutions Code §14059.5.
20. **Out-of-Pocket na Gastusin** - Mga gastusing binabayaran ng pasyente mula sa mga personal na pondo.
21. **Patient Financial Services (PFS)** - Departamento ng Adventist Health na responsable sa billing, pagkolekta, at pagproseso ng mga bayad.
22. **Plano sa Pagbabayad** - Serye ng mga pagbabayad, na ginawa sa loob ng isang panahon, upang bayaran ang bahagi ng pasyente ng Billed Charges ng Adventist Health. Ang mga buwanang bayad ay hindi maaaring higit sa sampung porsiyento (10%) ng buwanang kita ng pamilya ng pasyente, hindi kasama ang mga ibinawas para sa Essential Living Expense.
23. **Simpleng Wika** - Sulating idinisenyo para matiyak na mabilis, madali, at ganap na maunawaan ito ng mambabasa. Ang simpleng wika ay madaling basahin, maunawaan, at gamitin.
24. **Ipinapalagay na Tulong Pinansiyal** - Kapag ipinapalagay ng kawani ng Adventist Health na kalipikado ang pasyente sa 100% Tulong Pinansiyal batay sa impormasyong ibinigay sa kanila, i.e., kawalan ng tirahan, atbp.
25. **Mga Kalipikadong Asset** - Mga asset na pera kabilang sa kita ng pasyente kapag nagpapasiya kung natutugunan ng pasyente ang kalipikasyon sa kita para sa tulong pinansiyal. Kabilang sa mga “Kalipikadong Asset” ang:
 - a. 50% ng mga asset na pera ng pasyente na mas mataas sa \$10,000, kabilang ang cash, stock, bond, savings account, o iba pang mga bank account;
 - b. Ilang real property o nahahawakang asset, i.e., mga karagdang tirahan na higit sa isang pangunahing tirahan, mga sasakyang panlibangan, atbp.; at
 - c. Kabilang sa mga asset na hindi kasama kapag nagpapasiya sa kita ng pasyente: Mga kalipikado sa IRS na plano sa pagreretiro, tulad ng IRAs, 401(k) o 403(b) na mga account sa pagreretiro, o mga deferred-compensation na plano, pangunahing tirahan, at ilang sasakyan.
26. **Kalipikadong Pasyente** - Pasyenteng nakatutugon sa mga pinansiyal na kalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal alinsunod sa Section C.
27. **Self-Pay na Pananagutan** - Anumang balanse na dapat bayaran ng taong responsable sa pagbabayad. Ito ay maaaring pasyente o guarantor ng pasyente (hindi third-party na tagabayad).
28. **Third-party na** - Isang patakaran sa insurance na binili para sa proteksiyon laban sa ilang pangyayari, tulad ng insurance sa kalusugan, sasakyan, pangkalahatang pananagutan, atbp.
29. **Pasyenteng Di-Insured** - Pasyenteng walang insurance para sa mga natanggap na serbisyo.
30. **Pasyenteng Underinsured** - Pasyenteng walang sapat na insurance para sa mga natanggap na serbisyo.

POLISIYA: PAGTUPAD - MAHAHALAGANG ELEMENTO

Nakatuon ang Adventist Health sa pagbibigay ng Tulong Pinansiyal sa mga pasyenteng nangangailangan ng Emerhensiyang Pangangalagang Medikal o Kinakailangang Pangangalagang Medikal, ngunit limitado o walang kakayahang mabayaran ang pangangalagang ito. Ang Tulong Pinansiyal karaniwang tinatawag na Kawanggawang Pangangalaga at/o May Diskuwentong Pangangalaga. Magbibigay ang Adventist Health ng Emerhensiyang Pangangalagang Medikal o Kinakailangang Pangangalagang Medikal alinsunod sa polisiyang ito, nang walang diskriminasyon, sa mga pasyente ano man ang kakayahan niyang magbayad, kalipikasyon sa ilalim ng polisiyang ito, o kalipikasyon sa tulong ng pamahalaan.

Alinsunod dito, sa nakasulat na polisiyang ito:

1. Nakasaad ang mga dahilan ng kalipikasyon sa Tulong Pinansiyal – Kawanggawang Pangangalaga (libre) at May Diskuwentong Pangangalaga (parsiyal na Kawanggawang Pangangalaga);
2. Inilalarawan kung paano nagpapasiya ang Adventist Health kung magkano ang babayaran ng mga pasyenteng kalipikado sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng polisiyang ito;
3. Inilalarawan kung paano nag-aaplay ang mga pasyente para sa Tulong Pinansiyal;
4. Inilalarawan kung paano isasapubliko ng pasilidad ang polisiyang ito sa pinaglingkurang pamayanan; at
5. Inilalarawan kung paano nililimitahan ng pasilidad ang halagang sinisingil sa mga pasyente na kalipikado sa Tulong Pinansiyal.

Hindi panghalili sa personal na tungkulin ang Kawanggawang Pangangalaga. Inaasahang makikipagtulungan ang mga pasyente sa pasilidad kapag naghahanap ng Tulong Pinansiyal. Dapat tumulong ang mga pasyente sa pagbabayad ng kanilang pangangalaga batay sa kanilang kakayahang magbayad. Ang mga may kakayahang bumili ng insurance sa kalusugan ay hinihikayat na gawin ito. Nakatutulong ito sa kanila na nakakuha ng serbisyo sa kalusugan.

A. KOMITMENT NA MAGBIGAY NG EMERHENSIYANG PANGANGALAGANG MEDIKAL:

1. Nagbibigay ang Adventist Health, nang walang diskriminasyon, ng pangangalaga para sa mga emerhensiyang kondisyong medikal sa mga indibidwal kalipikado man sila sa tulong o hindi sa ilalim ng polisiyang ito. Ang Adventist Health ay gagawa ng mga aksiyong pumipigil sa mga indibidwal na humingi ng emerhensiyang pangangalagang medikal, tulad ng pagsingil ng bayad ng pasyente bago siya gamutin para sa emerhensiyang kondisyong medikal o sa pagpapahintulot sa koleksiyon ng utang na nakagagambala sa pagbibigay, nang walang diskriminasyon, ng emerhensiyang pangangalagang medikal. Ang mga emerhensiyang serbisyong medikal, kasama ang mga emerhensiyang paglilipat, alinsunod sa EMTALA, ay ibinibigay sa lahat ng mga pasyente ng Adventist Health nang walang diskriminasyon, alinsunod sa polisiya sa EMTALA ng bawat ospital ng Adventist Health (tingnan ang AH Model na Polisiya AD-06-109-S "EMTALA – Pagtupad sa EMTALA").

1. Pagiging Karapat-dapat sa Pangangalaga sa ilalim ng Patakarang Ito

1. Emerhensiyang Pangangalagang Medikal, o iba pang Kinakailangang Pangangalagang Medikal, na ibinibigay sa mga pasilidad nap ag-aari at pinatatakbo ng Adventist Health na nakalista sa Apendiks B
2. Mga serbisyo ng mga manggagamot sa departamento ng emerhensiya na sinisingil ng pasilidad ng Adventist Health sa ngalan ng mga manggagamot.
3. Tandaan: Ang mga manggagamot sa emergency room, na nagbibigay ng mga kagyat na serbisyong medikal sa isang pangkalahatang pasilidad ng Adventist Health sa acute care, ay hindi kasama sa patakarang ito maliban kung nakalista bilang isang "Covered Provider" sa dokumentasyon mula sa Apendiks D. Hinihingi ng California sa mga manggagamot na ito na magkaroon ng kanilang sariling mga polisiya sa tulong pinansiyal. Ang mga pasyenteng sinisingil ng isang manggagamot sa Emergency Room, at di-insured, underinsured, o may Malaking Gastusing Medikal at kitang nasa o mas mababa sa 350% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, ay dapat makipag-ugnayan sa tanggapan ng manggagamot na iyon at magtanong tungkol sa kanilang polisiya sa Tulong Pinansiyal.

2. Komunikasyon ng Tulong Pinansiyal

1. Binibigyan ng Adventist Health ang pasyente ng impormasyon tungkol sa Tulong Pinansiyal sa iba't ibang paraan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 1. Pagpapaskil ng mga abiso sa mga Emergency Room, mga Tanggapan ng Admitting at Pagrehistro, mga Departamento ng Patient Financial Services, at iba pang mga pampublikong lugar;
 2. Ang paglalagay ng impormasyon sa Adventist Health Conditions of Registration Form;
 3. Pag-imprensa ng impormasyon sa aming Post-Discharge Billing Statement, kasama ang impormasyon sa istandard na wika tungkol sa kung paano makakakuha ang mga pasyente ng karagdagang impormasyon tungkol sa tulong pinansiyal;
 4. Pagpaskil ng isang "buod sa simpleng wika" ng polisiya sa Tulong Pinansiyal sa lahat ng website ng Adventist Health; at
 5. Paglalagay ng impormasyon sa mga website ng pasilidad ng Adventist Health, sa isang brochure na "simple ang wika," sa mga koreo, at sa iba pang mga lugar ng pamayanang pinaglingkurang ng pasilidad.
2. Ang mga paunawa at impormasyon ay ipinaaabot sa mga pasyente sa kanilang pangunahing wika, kapag ang pasyente ay natukoy na bahagi ng Limited English Proficiency (LEP) na grupo. Dagdag sa mga nabanggit, nagbibigay ang Adventist Health ng indibidwal na pabatid ng tulong pinansiyal sa mga pasyente na maaaring manganib dahil hindi mabayaran ang kanilang bayarin. Ang referral ng mga pasyente para sa tulong pinansiyal ay maaaring gawin ng sinumang miyembro ng kawaning medikal o ng pasilidad. Ang kahilingan sa tulong pinansiyal ay maaaring ding gawin ng pasyente, kaniyang tagapag-alaga, o miyembro ng pamilya. Ang mga kahilingan ay napapailalim sa naaangkop na mga batas sa pagkapribado
3. Maaaring makakuha ng impormasyon ang mga indibidwal tungkol sa Polisiya sa Tulong Pinansiyal, kopya ng aming Buod sa Simpleng Wika, at aplikasyon sa iba't ibang mga wika, nang libre, sa pamamagitan ng:
 1. Pagpunta sa lugar ng pagpaparehistro
 2. Pakikipag-usap sa isang tagapayo sa pananalapi ng pasilidad ng Adventist Health
 3. Pagpunta sa aming website: <https://www.adventisthealth.org/patient-resources/financial-assistance/>

4. Pagtawag sa amin sa 1-844-827-5047 (o lokal na ospital - Tingnan ang Apendiks B ng polisiyang ito)
5. Pagsulat sa aming adres: Adventist Health, ATTN: Financial Assistance, P.O. Box 677000, Paradise, CA 95967

3. Kalipikasyon sa Tulong Pinansiyal

1. Susuriin ang kalipikasyon sa tulong pinansiyal para sa mga pasyenteng di-insured o underinsured na may Malaking Gastusing Medikal at hindi mabayaran ang kanilang pangangalaga. Nagbibigay ang pasilidad ng tulong pinansiyal alinsunod sa polisiyang ito. Ang mga desisyon na ginawa sa ilalim ng polisiyang ito, kasama ang pagbibigay o pagtanggap sa tulong pinansiyal, ay batay sa pangangailangang pinansiyal ng pasyente. Hindi makaaapekto ang sumusunod: lahi, kulay, pambansang pinagmulan, pagkamamamayan, relihiyon, kredo, kasarian, kagustuhang seksuwal, pagkakakilanlan at pagpapahayag ng kasarian, edad, o kapansanan.
2. Ang halaga ng Medicaid Share of Cost (SOC) ay hindi saklaw ng tulong pinansiyal. Itinatakda ng Estado ang mga halaga ng SOC. Kinakailangan ng mga estado ang mga pasyente na bayaran ang SOC bilang kondisyon ng pagtanggap ng Medicaid/Medi-Cal na coverage.
3. Maaaring maging kalipikado sa Tulong Pinansiyal ang pasyente sa ilalim ng polisiyang ito, kung natutugunan niya ang isa sa mga sumusunod na pamantayan:
 1. Kita: Ang Kita ng Sambahayan ay nasa, o mas mababa sa, 400% ng FPL.
 2. Mga Gastusin: Ang mga pasyenteng hindi nakakatugon sa pamantayan sa kita ay maaaring maging kalipikado para sa tulong pinansiyal batay sa essential living expenses at rekurso. Dapat matugunan ang sumusunod na dalawang (2) kalipikasyon:
 1. Essential Living Expenses: Limampung porsiyento (50%) ng Kita ng Sambahayan; at
 2. Mga Rekurso: Ang sobrang gastusing medikal ng pasyente (ang Allowable Medical Expenses ay higit sa 50% ng taunang Kita ng Sambahayan) ay dapat na mas malaki kaysa mga magagamit na Qualifying Assets.

4. Antas ng Tulong Pinansiyal: Batayan ng Pagkalkula ng mga Halagang Babayaran ng mga Pasyente

1. Ang mga indibidwal na kalipikado sa FAP ay maaaring hindi masingil ng higit sa AGB para sa emerhensiya o iba pang kinakailangang pangangalagang medikal. Hindi sinisingil o inaasahan ng Adventist Health na magbabayad ng gross charges ang mga indibidwal na kalipikado sa tulong pinansiyal sa ilalim ng polisiyang ito. Nasa Apendiks C ang espesipikong metodolohiya ng AGB na ginamit upang makalkula ang porsiyento ng AGB, pati na rin ang kasalukuyang porsiyento ng AGB, para sa bawat pasilidad ng ospital ng Adventist Health.
2. Kawanggawang Pangangalaga at May Diskuwentong Pangangalaga: Nakabatay ang mga diskuwento sa pinagsamang Kita ng Sambahayan at Qualifying Assets. Kasama sa dokumentasyon ng Kita ng Sambahayan at Qualifying Assets ang mga kamakailang pay stub, income tax return, at iba pang mga dokumento.
3. Ang halaga ng diskuwento ay batay sa mga porsiyento sa sumusunod na mga talaan:
 1. Emerhensiya at Kinakailangang Pangangalagang Medikal para sa mga Pasyenteng Di-Insured at Insured

Mga Pasyenteng Di-Insured		
Kita ng pamilya	Pananagutan ng Pasyente	Oregon Lahat ng Lokasyon Halagang Sinisingil
200% o mas mababa sa Pederal na Antas ng Kahirapan	Zero	Zero
> 200% hanggang 300% ng Pederal na Antas ng Kahirapan	50% ng Amount Generally Billed	25% ng Halaga ng Amount Generally Billed
> 300% hanggang 350% ng Pederal na Antas ng Kahirapan	75% ng Halaga ng Amount Generally Billed	50% ng Amount Generally Billed
> 350% hanggang 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan	75% ng Halaga ng Amount Generally Billed	74% ng Halaga ng Amount Generally Billed
> 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan	Hindi saklaw ng Polisiya sa Tulong Pinansiyal, sumangguni sa Polisiya sa Di-Insured na Diskuwento	Hindi saklaw ng Polisiya sa Tulong Pinansiyal, sumangguni sa Polisiya sa Di-Insured na Diskuwento

Mga Pasyenteng may Komersiyal na Insurance o Non-Contracted Managed Care Plans at Malaking Gastusing Medikal[di-kalipikado]		
Kita ng pamilya	Halagang Sinisingil	Oregon Lahat ng Lokasyon Halagang Sinisingil
400% o mas mababa sa Pederal Antas ng Kahirapan	Ang halagang pahihintulutan ng Amount Generally Billed para sa parehong serbisyo MENOS ang halagang ibinayad ng insurer ng pasyente. Kung nagbayad ang insurer ng halagang katumbas ng o mas malaki sa Amount Generally Billed, walang pananagutan ang pasyente.	Ang anumang pananagutan ng pasyente matapos ang halagang binayaran ng insurer ng pasyente na nabigong bayaran ang AGB ay susundin ang mga pagpapangkat ng FPL at minimum na % na diskuwento mula sa AGB na ginamit tulad ng nakabalangkas sa talahanayan sa itaas para sa mga pasyenteng di-insured.
> 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan	Hindi saklaw ng Polisiya sa Tulong Pinansiyal, pananagutan ng pasyenta ang halaga ng kaniyang Self-Pay Liability.	Hindi saklaw ng Polisiya sa Tulong Pinansiyal, pananagutan ng pasyenta ang halaga ng kaniyang Self-Pay Liability.

2. Di-Emerhensiya at Di-Kailangang Pangangalagang Medikal para sa mga Pasyenteng Di-Insured at Insured:

Mga Pasyenteng Di-Insured	
Kita ng pamilya	Halagang Sinisingil
200% o mas mababa sa Pederal na Antas ng Kahirapan	100% ng Halaga ng Amount Generally Billed
> 200% hanggang 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan	50% ng Amount Generally Billed
> 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan	Hindi saklaw ng Polisiya sa Tulong Pinansiyal, sumangguni sa Polisiya sa Di-Insured na Diskuwento

Mga Pasyenteng may Komersiyal na Insurance o Non-Contracted Managed Care Plan at Malaking Gastusing Medikal	
Kita ng pamilya	Pananagutan ng Pasyente
350% o mas mababa sa Pederal na Antas ng Kahirapan	Ang halagang pahihintulutan ng Amount Generally Billed para sa parehong serbisyo MENOS ang halagang ibinayad ng insurer ng pasyente. Kung nagbayad ang insurer ng halagang katumbas ng o mas malaki sa Amount Generally Billed, walang pananagutan ang pasyente.
> 350% ng Pederal na Antas ng Kahirapan	Hindi saklaw ng Polisiya sa Tulong Pinansiyal, pananagutan ng pasyenta ang halaga ng kaniyang Self-Pay Liability.

5. Paano Nag-aaplay ang mga Pasyente para sa Tulong Pinansiyal:

1. Upang makatanggap ng Tulong sa Pinansiyal sa ilalim ng polisiyang ito, ang isang pasyente o guarantor ay dapat:

1. Makipagtulungan sa Adventist Health upang makahanap ng iba pang mapagkukunan ng pambayad, o coverage mula sa mga publiko at/o pribadong programa sa pagbabayad;
2. Magsumite ng tunay, tumpak, at kompletong kumpidensyal na Application sa Tulong Pinansiyal sa Panahon ng Pag-aplay;
3. Magbigay ng kopya ng pinakabagong pay stub ng pasyente o guarantor (o patunayang wala siyang trabaho sa kasalukuyan);
4. Magbigay ng kopya ng pinakabagong Federal Income Tax Return ng pasyente o guarantora (kasama ang lahat ng iskedyul); at
5. Magbigay ng mga dokumento at impormasyon hinggil sa mga n ng pasyente o guarantora (kasama ang lahat ng iskedyul); at asset na pera ng pasyente o guarantor na hiniling ng Adventist Health.

2. Pananagutan ng pasyente o guarantor ang pagtugon sa mga kondisyon ng coverage ng kanilang plano sa kalusugan, kung mayroon third-party na insurance sila. Kung hindi ito magagawa, maaaring hindi mabigyan ng tulong pinansiyal.
 3. Pananagutan ng pasyente o guarantor ang pagtugon sa mga kondisyon ng coverage ng kanilang plano sa kalusugan, kung mayroon third-party na insurance sila. Kung hindi ito magagawa, maaaring hindi mabigyan ng tulong pinansiyal.
 4. Ang dignidad ng tao, at pangangasiwa, ay ginagamit sa proseso ng aplikasyon para sa pagpapasiya ng pangangailangan sa pananalapi at pagbibigay ng tulong pinansiyal.
 5. Hindi gagamit ang Adventist Health ng ano mang impormasyong ibinigay ng pasyente tungkol sa mga asset na pera kaugnay sa kaniyang aplikasyon, para sa ano mang mga aktibidad ng Adventist Health sa koleksiyon. Ang impormasyong ibinigay ng pasyente tungkol sa kaniyang mga asset na pera ay gagamitin lamang upang makita kung kalipikado ang pasyente sa tulong pinansiyal sa ilalim ng polisiyang ito.
- 6. Kalipikasyon sa Iba pang mga Programa ng Pamahalaan**
1. Ang pasilidad ay magsasagawa ng makatuwirang pagsisikap upang matulungan ang pasyente na makahanap ng mga pagpipiliang insurance kabilang ang:
 1. Pribadong insurance sa kalusugan, kabilang ang coverage na inaalok sa pamamagitan ng Health Benefit Exchange;
 2. Medicare; o
 3. Ang programang Medicaid, Healthy Families, at Children's Services, o iba pang mga programang pinopondohan ng estado na idinisenyo upang magbigay ng coverage sa kalusugan. Kung nag-aplay ang pasyente o may nakabinbing aplikasyon sa isa pang programa sa coverage ng kalusugan sa parehong panahon na nag-aplay siya sa isang programa sa tulong pinansiyal ng pasilidad, hindi maaapektuhan ng alinman sa aplikasyon ang kalipikasyon sa iba pang programa.
- 7. Ipinapalagay na Kalipikasyon sa Tulong Pinansiyal**
1. Nangyayari ang Ipinapalagay na Kalipikasyon sa Tulong Pinansiyal kapag ipinalagay ng kawani ng Adventist Health na kalipikado sa tulong pinansiyal ang isang pasyente batay sa impormasyong natanggap ng pasilidad, i.e., kawalan ng tirahan, atbp.
 1. Kokompletuhin ng kawani o miyembro ng pamamahala ng Patient Financial Services Department ang isang panloob na Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal sa pasyente, at nakapaloob dito ang:
 1. Dahilan kung bakit hindi makapag-aplay nang personal ang pasyente o kaniyang guarantor; at
 2. Mga nakadokumentong medikal at sosyoekonomikong dahilan ng pasyente na pumipigil sa kaniya o sa kaniyang guarantor na kompletuhin ang aplikasyon.
 2. Maaari ding magtalaga ang mga kawani ng Adventist Health ng mga account ng pasyente sa Kawanggawang Pangangalaga para sa kalipikasyon, kung sa palagay nila ay kailangan ng pasyente ng tulong pinansiyal sa pag-aasikaso ng bayarin. Maaaring tumulong ang kawani ng Adventist Health na masimulan ang Tulong Pinansiyal sa pasyente kahit hindi pa isinusumite ng pasyente ang Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal. Ibinabatay ng kawani ng Adventist Health ang kanilang desisyon sa pagtatalaga ng pasyente sa Kawanggawang Pangangalaga sa paunang natukoy na mga pamantayan na nakolekta mula sa naapubahang mga sanggunian. Kasama sa mga pamantayang ito ang:
 1. Medikal na rekord ng pasyente na nagdokumento na wala siyang tirahan;
 2. Katibayang natanggap sa pamamagitan ng Adventist Health, o kapamilya ng pasyente, na nag-expire ang pasyente nang walang kilalang estate;
 3. Kasalukuyang nasa bilangguan o piitan ang pasyente;
 4. Kalipikado ang pasyente sa isang pampublikong programa sa benepisyo kabilang ang Social Security, Unemployment Insurance Benefits, Medicaid, County Indigent Health, AFDC, Food Stamps, WIC, atbp.;
 5. Natutugunan ng pasyente ang kahingian ng isa pang pampublikong programa sa benepisyo ng publiko na tulad ng programa sa Tulong Pinansiyal ng Adventist Health;
 6. Sinubukan ng Adventist Health na hingan ng bayad ang pasyente, at hindi niya ito magawa;
 7. Hindi nakompleto ng pasyente ang Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal; o
 8. Hindi tumutugon ang pasyente sa mga kahilingan para sa dokumentasyon.
 2. Sasalain ang account ng pasyente para sa ipinapalagay na kalipikasyon gamit ang demograpikong software, kung hindi tumutugon ang pasyente sa proseso ng aplikasyon. Maaaring gawin ang pagsasalang ito nang hindi nakompleto ang Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal. Gumagamit ang mga pasilidad ng Adventist Health ng iba pang mapagkukunan ng impormasyon, upang makagawa ng indibidwal na pagtatasa ng pangangailangang pinansiyal, batay sa demograpikong software. Makatutulong ang impormasyong ito sa Adventist Health na gumawa ng matalinong pagpapasiya sa pangangailangan sa pananalapi ng pasyente sa pamamagitan ng paggamit ng pinakamahasay na mga pagtatantiya kapag hindi niya ibinigay ang hiniling na impormasyon.
 1. Gumagamit ang mga pasilidad ng Adventist Health ng isang third-party upang magsagawa ng elektronikong pagsusuri ng impormasyon ng pasyente upang masuri ang pangangailangan sa pananalapi. Gumagamit ang mga pagsusuring ito ng isang modelong kinikilala sa industriya ng pangangalaga ng kalusugan na batay sa mga pampublikong database. Gumagamit ang nanghuhulang modelong ito ng pampublikong data sa pagkalkula ng iskor ng sosyoekonomiko at pinansiyal na kapasidad. Kabilang dito ang pagtatantiya ng kita, mga asset, at liquidity. Inihahambing ng elektronikong teknolohiya ang bawat pasyente gamit ang parehong pamantayan sa pormal na proseso ng aplikasyon.

2. Gagamitin ang elektronikong teknolohiya pagkatapos masubukan ang lahat ng iba pang kalipikasyon at mga mapagkukunan bago maituring na di-magandang utang ang account ng pasyente at maipasa sa isang ahensiya ng koleksiyon. Tinitiyak nito na nasasala ng mga pasilidad ng Adventist Health ang lahat ng pasyente para sa Tulong Pinansiyal bago magsagawa ng ano mang koleksiyon.
 3. Ang data sa pagsusuri ng elektronikong kalipikasyon na sumusuporta sa pangangailangang pinansiyal upang maging kuwalipikado sa 200% FPL, o mas mababa, ay mailalapat lamang sa nakaraang mga balanse ng pasyente.
3. Ang mga account ng pasyente na binigyan ng ipinapalagay na kalipikasyon ay muling uuriin sa ilalim ng polisiya sa Tulong Pinansiyal. Hindi gagawin ng Adventist Health ang sumusunod:
 1. ipadala ang mga ito sa mga ahensiya ng koleksiyon;
 2. isailalim sila sa karagdagang mga aksiyon sa koleksiyon;
 3. abisuhan sila tungkol sa kanilang kalipikasyon; at
 4. isama sila sa di-magandang utang na expense ng pasilidad
- 8. Panahon ng Pagiging Kalipikado**
1. Gagamitin ng Departamento ng Tulong Pinansiyal ang diskuwento sa Tulong Pinansiyal sa lahat ng kalipikadong balanse sa serbisyo sa pasyente na natanggap bago ang petsa ng pag-aproba ng aplikasyon.
 2. Ang pag-aproba ng tulong pinansiyal ay magagamit sa ano mang kalipikadong serbisyong natanggap hanggang 180 araw matapos maaprobahan.
 3. Kailangang makompleto ang isang hiwalay na Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal para sa mga kalipikadong serbisyong natanggap mahigit 180 araw matapos maaprobahan ang Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal.
- 9. Apela Tungkol sa Aplikasyon ng Polisiyang Ito**
1. Maaaring sumulat ang mga pasyente ng isang kahilingan para sa rekonsiderasyon sa Finance Officer (FO) ng Adventist Health Facility na nagbigay sa kanila ng mga serbisyo kapag:
 1. naniniwala silang ang kanilang Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal ay hindi naaprobahan alinsunod sa polisiyang ito; o
 2. hindi sila sang-ayon sa paraan ng aplikasyon ng polisiya sa kanilang kaso
 2. Ang FO ang magiging pangwakas na antas ng apela.
 3. Ang apela ay dapat na isumite sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng liham ng kapasiyahan.
- 10. Billing at Koleksiyon**
1. Susundin ng mga pasilidad ng Adventist Health ang mga istandard na pamamaraan, kabilang ang mga antas ng awtorisasyon, kapag nagpapadala ng mga account ng pasyente sa mga ahensiya ng koleksiyon. Tinutukoy ng mga kontrata ng ahensiya ng koleksiyon ang saklaw ng operasyon ng mga ahensiya at kabilang ang mga gawain sa koleksiyon na inilalarawan sa polisiyang ito. Hinihingi sa mga ahensiya ng koleksiyon na mag-ulat sa pasilidad ng Adventist Health kapag sinabi ng pasyente sa ahensiya na hindi niya kayang magbayad.
 2. Bago makatanggap ng ano mang bayad mula sa pasyente, dapat magbigay ang pasilidad ay ng isang buod sa simpleng wika ng mga karapatan ng pasyente. Ang buod ay mababasa sa sumusunod na anyo:
 1. "Hinihingi ng batas ng estado at pederal ang mga nangangolekta ng utang na tratuhin ka nang patas at pinagbabawalan ang mga nangangolekta ng utang na mag-imbento ng pahayag o magbanta ng karahasan, gumamit ng malalaswa o bastos na salita, at magpasimula ng di-kaaya-ayang komunikasyon sa mga third party, kabilang ang iyong employer. Maliban sa di-karaniwang mga pangyayari, hindi ka maaaring kontakin ng mga maniningil ng utang bago ang 8:00 ng umaga o lampas 9:00 p.m. Sa pangkalahatan, maaaring makipag-ugnayan ang maniningil ng utang sa ibang tao upang kumpirmahin ang iyong lokasyon o upang magpatupad ng paghuhusga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga aktibidad sa pagkolekta ng utang, maaari kang makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng telepono sa 1-877-FTC- HELP (382-4357) o online sa www.ftc.gov."
 2. Dapat ding ipaalam ng pasilidad na may mga nonprofit credit counseling na serbisyo sa lugar. Ang mga salitang nasa itaas ay idaragdag sa isang data mailer na lakip at isasama sa unang data mailer para sa lahat ng mga bill ng pasyente.
 3. Kung ang isang indibidwal ay nagsumite ng isang kumpletong aplikasyon sa FAP sa Panahon ng Aplikasyon, ang Adventist Health ay:
 1. Suspindihin ang anumang mga ECA laban sa indibidwal (na patungkol sa mga bayaring kaugnay sa nirerebyung aplikasyon sa FAP).
 2. Magpapasiya kung kalipikado ang indibidwal sa FAP at pasulat na aabisuhan ang indibidwal tungkols pagtukoy ng kalipikasyon (kabilang, kung naaangkop, ang tulong na kalipikado ang indibidwal) at ang batayan ng pagpapasiyang ito. Dapat iparating sa pasyente ang pasiya sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakalakip na Liham ng Aplikasyon sa Pasilidad:
Liham ng Aplikasyon sa Pasilidad (Ingles) o Liham ng Aplikasyon sa Pasilidad (Espanyol).
